REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-113

KAPASIYAHAN NA HINIHILING NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA KAY KGG. FELIMON AGUILAR, KINATAWAN NG DISTRITO NG MUNTINLUPA-LAS PIÑAS NA MABIGYAN NG SAPAT NA PONDO ANG ISANG GUSALI NA MAY SAMPUNG (10) SILID-ARALAN PARA SA PAMBAYANG MATAAS NA PAARALAN NG MUNTINLUPA NA NASA U.P. SIDE ALABANG.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ang Pambayang Mataas na Paaralan ng Muntinlupa ay kulang ng tatlumpu't dalawang (32) silid-aralan kung ihahambing sa dami ng mag-aaral;

SAPAGKAT, tungkulin ng mga namumuno sa bayan na mabigyan ng sapat na karunungan ang mga kabataan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga maayos na paaralan;

SAPAGKAT, sa kakulangan ng mga silid-aralan, ang Pambayang Mataas na Paaralan ng Muntinlupa sa hangad na mabigyan ng pagkakataon ang mga karagdagang mag-aaral ay nagsasagawa ng mgaklase sa gabi na umaabot hanggang sa ika-9:00 ng gabi at sanhi nito ay nalalagay sa panganib ang mga kabataang mag-aaral lalong-higit ang mga kababaihan;

SAPAGKAT, sa dami ng mga mag-aaral sa isang seksiyon ay nagiging mahirap para sa isang guro na mabigyan ng sapat na pagsubaybay ang mga ito na magbibigay ng kapinsalaan lamang sa mga mag-aaral sa halip ang mga ito ay matulungan at magkaroon ng maraming matutunan;

SAPAGKAT, ang isang masikip na silid-aralan bunga ng maraming mag-aaral ay nakasasama sa kalusugan ng mga ito;

SAPAGKAT, hangad man na makatulong ng pamahalaang bayan na mabigyan ng sapat na silid-aralan ang Pambayang Mataas na Paaralan ng Muntinlupa ito ay walang sapat na kakayanan na matugunan ang pangangailangan sa kakulangan ng pananalapi sa kabang-bayan sa kasalukuyan;

NGAYON, DAHIL DITO, ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA AY NAPAGPASIYAHAN AT PINAGPASIYAHAN PANG MULI na hilingin kay Kgg. Felimon C. Aguilar, Kinatawan ng Distrito ng Muntinlupa-Las Piñas na maglaan ng sapat na pondo para sa isang gusaling pampaaralan na may sampung silid-aralan sa Pambayang Mataas na Paafalan ng Muntinlupa na nasa U.P. Side Alabang, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-animnapu't pitong (67th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-31 ng Hulyo, 1989.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pangalawang Punongbayan/Pangalawang Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. NEMESIO C. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Hulyo 31, 1989